

Coronavirus: Scammers follow the headlines

## Coronavirus: Sinusubaybayan ng mga scammer ang mga balita

sinulat ni Colleen Tressler

Espesyalista sa Edukasyon ng Mamimili (Consumer Education Specialist), FTC

Sinasamantala ng mga scammer ang takot na nakapalibot sa Coronavirus. Gumagawa sila ng mga website na nagbebenta ng mga pekeng produkto, at gumagamit ng mga pekeng email, text, at nagpo-post sa social media bilang panlinlang upang makuha ang iyong pera at iyong personal na impormasyon.

Ang mga email at post ay maaaring nagbibigay ng kaalaman at tips sa pag-iwas, at mga pekeng impormasyon tungkol sa mga kaso sa iyong kapitbahayan. Maaari rin silang humingi sa iyo ng donasyon sa mga biktima, maghandog ng payo hinggil sa mga hindi napatunayang paggagamot, at magkaroon ng mga mapanirang attachment sa email.

Narito ang ilang tips sa pag-iwas sa mga scammer:

- Huwag i-click ang mga link na mula sa mga pagmumulang hindi mo kilala. Maaari itong mag-download ng virus sa iyong computer o device. Siguraduhing nasa panahon ang anti-malware at anti-virus na software sa iyong computer.
- Mag-ingat sa mga email na nagsasabing sila ay mula sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC, Mga Sentro ng Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit) o mga ekspertong nagsasabing mayroon silang impormasyon tungkol sa virus. Para sa mga pinakabagong impormasyon tungkol sa Coronavirus, bisitahin ang Centers for Disease Control and Prevention, (CDC, Mga Sentro ng Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit) at World Health Organization (WHO, Pandaigdigang Organisasyon sa Kalusugan).
- Huwag pansinin ang mga inihahandog na bakuna online. Kung nakakakita ka ng mga anunsyong nagsasabi ng pag-iwas, paggagamot, o lunas para sa Coronavirus, itanong mo sa iyong sarili: kung nagkaroon ng malaking pagtuklas sa medisina, malalaman mo ba ito sa unang pagkakataon sa pamamagitan ng isang anunsyo o mapanghikayat na pagbebenta?
- Magsaliksik pagdating sa mga donasyon, ito man ay sa pamamagitan ng mga kawanggawa o mga site na naglilikom ng pondo. Huwag pahintulutan ang sinumang madaliin ka sa pagbibigay ng donasyon. Kung may isang taong humihingi ng mga donasyon sa pamamagitan ng cash, gift card, o pagpapadala ng pera, huwag itong gawin.
- Maging alisto pagdating sa "mga oportunidad sa pamumuhunan." Nagbibigay ng babala ang U.S. Securities and Exchange Commission (SEC, Komisyon sa mga

Language: Tagalog

Panagot at Palitan ng Esyados Unidos) sa mga tao tungkol sa mga promosyon online, kabilang ang nasa social media, na nagsasabing ang mga produkto at serbisyo ng mga kumpanyang kinakalakal sa publiko ay makakapagpaiwas, makakatuklas, o makakalunas sa coronavirus at bilang resulta, ang stock sa mga kumpanyang ito ay lubos na tataas ang halaga.

Gusto mo ba ng impormasyon tungkol sa mga pinakabagong scam na nakikita namin? Mag-sign up para sa aming mga abiso sa mamimili. Kung may nakita kang anumang mga kahina-hinalang pahayag, iulat ang mga ito sa FTC sa [ftc.gov/complaint](https://www.ftc.gov/complaint).